

Buod ng Kahirapan sa Pinansyal

(Financial Hardship Summary)

Ang CCC Financial Solutions Group (dito tinukoy bilang CCC) ay nakatuon sa pakikipagtrabaho sa mga kostumer at pagbibigay ng tulong kung hindi mababayaran ang mga utang dahil sa kahirapan sa pinansyal. Kung ang pagbabayad sa mga utang ay makakaapekto sa kakayahan ng kostumer na matugunan ang mga pangunahing pangangailangan, maaari silang karapat-dapat na makakakuha ng tulong sa kahirapan.

Ang CCC ay kasama ng kanilang mga kostumer na magtatrabaho upang magkakaroon ng nababagay na solusyon ng pagbabayad. Maaaring kasama rito ng panandalian at pangmatagalang tulong pinansyal sa kahirapan.

Naiintindihan ng CCC na mahirap ang humihingi ng suporta. Ang aming pangkat ay magtatrato ng lahat ng mga kostumer na may respeto at paggalang. Ito ay aasahan din namin mula sa aming mga kostumer.

Ang patakaran sa kahirapan ng CCC ay ginawa sang-ayon sa National Consumer Credit Protection Act.

Upang makahingi ng tulong pinansyal dahil sa kahirapan, ang kostumer ay maaaring magsabi sa CCC – sa pamamagitan ng pakipag-usap o sa pagsulat – tungkol sa kanilang walang kakayahang makasagot sa kanilang mga obligasyon sa pagbabayad. Pagkatapos na matanggap ang pasabi tungkol sa kahirapan, ang CCC ay maaaring humingi ng natatanging impormasyon na dapat maibigay sa amin sa loob ng 21 araw.

Ang hihilingin naming impormasyon ay kailangang kaugnay sa pagpapasya kung ang kostumer ay may kayang makakasagot sa mga obligasyon sa kontrata ng utang at kung paano mababago ang kontrata upang makatulong sa kostumer na masagot ang kanilang mga obligasyon.

Sa pangkalahatan, ang CCC ay hihiling ng isang pahayag ng katayuan sa pinansyal na kasama sa mga ibang dokumento kaugnay sa sitwasyon ng kostumer.

Ang mga kostumer ay kinakailangang sumunod sa paghingi ng impormasyon dahil ang CCC ay kailangang magbigay ng huling resulta sa loob ng 28 araw mula sa unang pasabi tungkol sa kahirapan. Ang hindi pagbigay ng mga dokumento ng kahirapan ay maaaring magresulta ng pagtanggap sa hinihinging pantulong sa kahirapan.

Kung ang kostumer ay nakakaranas ng malalang matagalang kahirapan sa pinansyal, baka karapat-dapat sila para sa National Hardship Register – ang pinagsamahang inisyatiba ng Australian Collectors and Debt Buyers Association at ang komunidad. Ang layunin ng inisyatibang ito ay upang protektahan ang mga mahihinang kostumer mula sa hindi kinakailangang mga gawaing paniningil ng utang. Para sa karagdagang kaalaman at upang malaman kung kayo ay karapat-dapat, bumisita sa www.nhr.org.au.

Kung kailangan mo ng dagdag na tulong sa pamamahala ng inyong mga utang, maaari mong tawagan ang Financial Counselling Australia sa 1800 007 007 para sa rekomendasyon ng pinakamalapit na libreng Financial Counselling Service.

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa aming Financial Hardship Policy sa Ingles, bumisita sa aming website sa www.cccfinancial.com.au.